Ano ang “**Autism**”?

The term Autism refers to a group of developmental disorders that generally come under the term Autism Spectrum Disorders. Autism affects people in different ways.
Ang terminong ***autism*** ay tumutukoy sa isang pangkat ng mga karamdaman sa paglaki (developmental disorder) na sa pangkalahatan ay sa ilalim ng terminong ***Autism Spectrum Disorder***. Ang ***autism*** ay nakakaapekto sa mga tao sa iba't ibang paraan.

Some children at the high functioning end may have good eye contact and want to be social, while others may have no eye contact, no speech, and whose entire interaction with the world is rocking back and forth and appear indifferent to people.
Ang ilang mga bata na may mataas na kakayahan (highfunctioning) sa isang banda ng **autism spectrum** ay kayang tumingin (eye contact) at makilahok sa ibang tao, habang ang iba ay maaaring walang kakayahang tumingin at makilahok, di makapagsalita, at ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mundo ay sa pamamagitan lamang ng paulit-ulit na indayog ng katawan (rocking motion) at kawalang interes sa kapwa tao.

Most children are diagnosed around the age of three, and Early Intervention is the best way to help teach them the skills these children need and which that don't come naturally to them.
Karamihan sa mga bata ay nasusuring may **autismo** (**autistic**) sa tatlong taong gulang, at ang maagang pamamagitan (early intervention) sa ganitong gulang ay ang pinakamahusay na paraan upang sila’y matulungan at maturuan ng mga kasanayang kailangan nila ngunit di natural na dumarating sa kanila (tulad ng sa mga batang normal).

As a child grows, different parts of the brain develop to build abilities to take each next step in their development. But in autism, these pathways often don't form naturally.
Habang ang normal na bata ay lumalaki, ang iba't-ibang bahagi ng kanilang utak ay tumutubo at bumubuo ng mga kakayahang nagiging hakbang sa kanilang pag-unlad. Ngunit sa mga batang **autistic**, mga pag-unlad na ito ay di nangyayari.

Things that a neurotypical (non-autistic) child might find easy, like understanding facial expressions or tones in speech, a child with autism may not. They can often still be taught the skills they lack, but they need to be done 'manually' through the right therapies. Ang mga bagay na madali sa isang normal na batang walang **autism** (tinaguriang *neurotypical)*--tulad ng pagunawa sa tono ng boses o ekspresyon ng mukha--ay wala sa kakayahan ng batang **autistic**. Gayunpaman, maari silang maturuan ng mga ganitong kakayahan—sa wastong terapiyutikang pamamaraan

If you see a child in the supermarket seemingly having a tantrum, it doesn't necessarily mean they are being naughty; nor that their parent has lost control.

Children with autism can find it hard to cope in different situations and their difficult behaviour is often their only way of communicating this.

Kung may makitang bata sa supermarket na nagwawala (tantrum), hindi ito nangangahulugan na sila ay masamang bata na di kayang supilin ng magulang. Ang mga batang **autistic** ay nahihirapang tumugon sa mga situwasyong di pamilyar sa kanila, at ang kanilang pagwawala ay ang kanilang tanging pamamaraan ng pagtugon sa bagong situwasyon.

Life for parents of a child with autism can be very stressful. Breakdown of relationships is very high in such families as is stress and depression. For most families, the need for greater services is paramount, as is the hope for greater understanding from other people. They especially need the support of their families and close friends to not judge them and to accept that they know best what they need to be doing for their child.

Ang buhay ng magulang ng batang **autistic** ay lubos na nakababahala. Sa mga ganitiong pamilya ay madalalas ang pagkasira ng relasyon ng mag-asawa, at madalas din ang pagkabahala at depresyon. Sa karamihan ng pamilya may anak na **autistic,** napakataas ng pangangaylangan ng suporta at pagunawa ng mga tao sa kanilang situwasyon—lalung lalu na mula sa kanilang mga kapamilya at mga kaibigan. Kailangan ng mga magulang na maunawaan ng ibang tao na alam nila ang kanilang ginagawa para sa kanilang anak na **autistic**.

Depending on whom you ask one in every 100 children born in Australia has Autism. That means that in the future, 1% of our population may very well comprise of people with autism disorders. That is a disturbing reality. Yet not enough is being done to support these children or their families.

Depende sa kung sino ang tatanungin, isa sa bawat isang daang bata (1 out of 100) na napanganak sa Australia ay may **autism**. Ibig sabihin ay sa hinaharap, isang porsiyento ng populasyon sa Australia ay magkakaroon ng **autism**. Ito’y nakababahalang reyalidad. Ngunit di sapat ang suporta at tulong na binigigay ng lipunan sa mga batang **autistic** at sa kanilang mga pamilya.

Unlike a child who may be blind, or in a wheelchair, a child with autism doesn't have any physical signs of their disability - this just adds to the lack of understanding in the community and the judgement they and their families often experience. We need more funding, more support, and more awareness from our family, our friends and our community.

Di tulad ng batang bulag o lumpo, ang batang **autistic** ay walang pisikal na palatandaan ng kanilang karamdaman. Isang dahilan ito ng kawalan ng pagunawa at masamang pagtingin sa mga pamilyang may anak na **autistic** sa komunidad. Nangangailangan tayo ng mas malaking pagpopondo, suporta at kamalayan tungkol sa **autism** sa ating komunidad, mga kapamilya at kaibigan.

We invite you to learn more about the subject in the hope that knowledge and understanding will help shed more light on this lifetime condition, and offer greater support to these families.

Inaanyayahan naming kayo na matuto ng higit pa tungkol sa paksang **autism** at inaasahan naming na ang kaalaman at pag-unawa ay makakapag bigay liwanag sa panghabangbuhay na karamdamang **autism**, tungo sa mas malawak na suporta sa mga pamilyang may anak na **autistic**.

TRANSLATED BY FLORO QUIBUYEN, 25Sept2012

quibuyen01@yahoo.com